



Teaching Literature Using Interactive Powerpoint Presentation for Grade 8 Students at Banisil National High School

Hakima B. Arsad
Banisil National High School
hakima.arsad@deped.gov.ph

Anesa P. Mangindra, PhD
Sultan Kudarat State University
apmangindra@gmail.com

Abstract

As technology continues to advance, integrating modern tools into education becomes essential to enhance students' learning experiences. This study examined the effectiveness of interactive PowerPoint presentations as a teaching strategy for literature and analyzed their impact on students' academic performance. The study aimed to assess the effects of using interactive PowerPoint presentations on students' literature learning. It involved two groups of students—the experimental and control groups. At the beginning of the study, a pre-test was conducted to measure their initial level of learning, where both groups failed to meet the expected proficiency level. By the end of the experiment, findings revealed that the experimental group, which utilized interactive PowerPoint presentations, achieved a higher mean score in the final test compared to the control group. Statistical analysis showed a significant difference in the mean gain scores of both groups, indicating the positive impact of interactive PowerPoint presentations. Interactive elements such as animations, visual aids, and other engaging activities contributed to improving students' comprehension and skills. Based on the results, interactive PowerPoint presentations proved to be an effective teaching method that enhances learning quality and expands students' proficiency in using technology. However, the intervention's effectiveness may be influenced by factors such as teachers' technological literacy and students' readiness to engage with digital tools. These limitations should be considered to further improve the implementation of innovative teaching strategies.

Keywords: Control Group, Experimental Group, Interactive PowerPoint Presentation, Learning Quality

Panimula

May malaking epekto ang teknolohiya sa mga gawaing pampagtuturo-pampagkatuto. Isa sa mga modernong pamamaraan ay ang *interactive PowerPoint presentations* na nagbibigay ng mas makulay at mas dinamikong paraan ng paghahatid ng kaalaman. Sa pamamagitan ng mga elementong biswal, animasyon, at *multimedia* ay nagiging epektibo ito sa paghahatid ng kamalayan sa kabataang mag-aaral. Ang ganitong inobasyon sa edukasyon ay tumutugon sa

pangangailangan nila sa ika-21 siglo na mas naaakit sa interaktibo at malikhaing paraan ng pagkatuto.

Sa pandaigdigang saklaw, patuloy ang pagsasama ng makabagong teknolohiya sa edukasyon upang mapataas ang antas ng pang-unawa ng bawat estudyante. Ayon kay Sukarno et al. (2021), napatunayan na ang *interactive PowerPoint* ay epektibo sa pagpapalakas ng interes ng bawat kabataan. Inilahad nina Johnson at Anderson (2019) na ang paggamit ng mga interaktibong presentasyon ay partikular na nakatutulong sa mga asignaturang nangangailangan nang mas mataas na pagsusuri sa panitikan. Gayunpaman, may mga hamon sa paggamit nito, katulad ng kakulangan ng kaalaman sa paglikha ng makabuluhang nilalaman at ang labis na pagpokus sa biswal na aspekto kaysa sa malalim na pagsusuri ng isang teksto.

Sa pambansang antas, unti-unti nang tinatanggap ang paggamit ng *interactive PowerPoint* bilang bahagi ng estratehiya sa pagtuturo ng mga edukador. Ayon kina Garcia et al. (2020), naging pangunahing kasangkapan ito sa pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto sa Filipino lalo na sa panitikan. Samantala, binanggit ni Salazar (2019) na sa mga pampublikong paaralan, kung saan limitado ang pisikal na materyal o resorses, ang teknolohiya ay nagiging daan upang magiging malinaw at kawili-wili ang paghahatid ng mga kaisipan mula sa mga akdang pampanitikan. Gayunpaman, ayon kay Cruz (2020), may ilang guro na hindi bihasa sa paggamit ng teknolohiya na nagiging hadlang sa epektibong paggamit ng *interactive PowerPoint*.

Sa lokal na konteksto, partikular sa Mindanao, lumalawak ang paggamit ng *interactive PowerPoint* sa pagtuturo ng panitikan. Natuklasan ni Mendoza (2022) na nakatutulong ito sa pagpapataas ng interes ng kabataang nag-aaral sa panitikang rehiyonal. Ayon naman kay Santos (2021), napadadali ng teknolohiyang ito ang paghahatid ng mga paksang tulad ng metapora at simbolismo na karaniwang mahirap ipaliwanag gamit lamang ang tradisyunal na pamamaraan. Gayunpaman, binanggit nina Lopez at Dela Cruz (2021) na maaaring magresulta ito sa labis na pagpokus sa biswal na aspekto sa halip na pag-aanalisa sa mga akdang pampanitikan.

Bagama't maraming pananaliksik ang nagpapakita ng bisa ng *interactive PowerPoint* sa mga gawaing pampagtuturo, karamihan sa mga ito ay nakasentro sa Agham at Matematika habang limitado ang mga pagsisiyasat hinggil sa maaaring implikasyon nito sa pag-unawa ng panitikang Filipino. Bukod dito, kakaunti ang pananaliksik na sumasalamain sa karanasan ng mga edukador at mag-aaral sa paggamit ng interaktibong presentasyon sa pampublikong paaralan sa Mindanao. Dagdag pa rito, may kakulangan sa mga pedagogikal na estratehiya upang mapahusay ang malalim na pagsusuri ng mga akda (Reyes et al., 2021; Garcia et al., 2020; Santos, 2021; Cruz, 2020; Mendoza, 2022).

Dahil sa patuloy na lumalawak na pangangailangan para sa epektibong pagpapaunawa ng panitikan, mahalagang masusing pag-aralan ang paggamit ng *interactive PowerPoint* sa kontekstong Filipino. Maaaring gamitin ang teknolohiyang ito upang mapabuti ang kalidad ng paghahatid ng impormasyon tungkol sa panitikan lalo na sa mga rehiyonal na paaralan na may

limitadong pisikal na kagamitan. Ang mga resulta ng pananaliksik ay magsilbing batayan sa kung paano palawigin ang paggamit ng *Interactive Powerpoint Presentation* sa mga gawaing pampagtuturo.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang bisa ng Interactive PowerPoint presentations bilang estratehiya at pantulong na kagamitan sa pagpapalalim ng pag-unawa sa Panitikang Filipino sa kabataang mag-aaral sa Baitang 8 ng Banisil National High School. Layunin nitong matukoy ang lebel ng baliditi ng banghay-aralin sa pagtuturo ng panitikan gamit ang *Interactive PowerPoint presentations* batay sa abstraksiyon, aplikasyon, at ebalwasyon. Nais din nitong mataya ang lebel ng pag-unawa sa Panitikang Filipino ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at kontrolado batay sa kanilang resulta sa panimulang pagsusulit (Pre-Test) at panghuling pagsusulit (Post-Test). Dagdag pa rito, layunin ng pag-aaral na masuri ang *mean gain score* ng dalawang pangkat at matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pang-unawa ng bawat mag-aaral sa pangkat eksperimental at kontrolado. Bukod dito, siniyasat din kung may makabuluhang pagkakaiba sa *mean gain score* ng bawat mag-aaral sa pagitan ng panimulang pagsusulit at panghuling pagsusulit sa dalawang pangkat.

Teoretikal na Balangkas

Ang paggamit ng *interactive PowerPoint presentations* sa pagpapaunawa ng panitikan ay umaayon iba't ibang teoryang pang-edukasyon. Ayon sa *Cognitive Load Theory* ni Sweller (1988), mahalaga ang maingat na pagdidisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo upang maiwasan ang labis na impormasyon na maaaring maging sagabal sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng malinaw at sistematikong presentasyon, ang mahihirap na konsepto sa panitikan ay madali lamang maunawaan ng kabataang mag-aaral. Samantala, binigyan nang diin ng *Dual Coding Theory* ni Paivio (1971) ang kombinasyon ng berbal at biswal na impormasyon upang mapadali ang pagpoproseso at pag-alala ng mga ideya. Ang pagsasama ng mga tekstuwal na paliwanag at biswal na representasyon ay tumutulong sa mas epektibong pagpapaliwanag ng akdang pampanitikan.

Bukod dito, ipinakita sa *Constructivist Theory* ni Vygotsky (1978) na ang aktibong pakikilahok ng mga estudyante ay may mahalagang papel sa epektibong pang-unawa. Sa pamamagitan ng *interactive PowerPoint*, nagkakaroon ng mas maraming pagkakataon para sa pakikipagtulungan sa klase, pagbuo ng talakayan gamit ang *hyperlinked* na materyal, at pagsasagawa ng interaktibong pagsusulit. Ang ganitong mga estratehiya ay nagpapalakas ng kakayahan sa pagsusuri ng iba't ibang panitikan. Samantala, ipinakita ng *Multimedia Learning Theory* ni Mayer (2001) na ang paggamit ng *multimedia* katulad ng *video*, *audio*, at animasyon ay nakapagpapataas ng pakikilahok ng kabataang mag-aaral at nagpadadali sa kanilang pag-unawa sa mga aralin sa panitikan.

Dagdag pa rito, binigyan ng diin ng *Self-Determination Theory* nina Deci at Ryan (1985) ang kahalagahan ng *intrinsic motivation* sa komprehensibong pag-unawa ng aralin. Ang *interactive PowerPoint* ay nagbubukas ng pagkakataon sa kabataang ng higit na kontrol sa kanilang pag-aaral



ayon sa *self-paced* na mga gawain, *gamified assessments*, at mga personalisadong gawain. Ang ganitong pamamaraan ay hindi lamang nakapagpapalakas ng interes kundi nagpapabuti rin sa kanilang partisipasyon at pag-unawa sa mga araling pampanitikan.

Samakatuwid, ipinakita ng mga teoryang ito ang potensiyal ng *interactive PowerPoint presentations* bilang epektibong kagamitan sa pagtuturo ng panitikan. Hindi lamang nito pinapadali ang pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto, kundi nagiging daan din ito upang mas mapataas ang motibasyon at aktibong pakikilahok ng kabataang mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Metodolohiya ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang *quasi-experimental* na disenyo upang matukoy ang bisa ng *Interactive PowerPoint* sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa bawat mag-aaral ng ikawalong baitang sa Banisil National High School, General Santos City. Ayon kina Cook at Campbell (2019), epektibo ang eksperimentong disenyo sa pagtukoy ng ugnayang sanhi at bunga kahit walang *random* na pagpili ng kalahok. Dalawang pangkat ang ginamit—eksperimental at control na may tigtatlumpung mag-aaral. Ginamitan ang pangkat eksperimental ng *Interactive PowerPoint*, habang ang pangkat kontrolado ay ginamitan namn ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Isinagawa ang *pre-test* at *post-test* upang sukatin ang pag-unawa, at ginamit ang angkop na estadistikal na pagsusuri upang suriin ang datos.

Isinagawa ang pananaliksik sa Banisil National High School dahil sa pagkakaiba-iba ng kabataang mag-aaral, suporta ng mga guro, at sapat na teknolohikal na pasilidad. Ginamit ang *total enumeration sampling*, kung saan ang lahat ng mag-aaral mula sa dalawang seksiyon ay kasali. Isang balidong talatanungan naman ang ginamit upang sukatin ang pag-unawa, at isinagawa ang estadistikal na pagsusuri gamit ang *mean scores* at *t-test* upang matukoy ang pagkakaiba ng dalawang pangkat.

Sa pangangalap ng datos, sinigurong may pahintulot mula sa kinauukulan, isinagawa ang *pre-test*, ipinatupad ang interbensiyong pampagtuturo, at pagkatapos ng dalawang buwan ay isinagawa ang *post-test*. Ang mga resulta ay sinuri gamit ang estadistikal na pamamaraan upang matukoy ang epekto ng *Interactive PowerPoint* sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.

Resulta at Diksuyon

Antas ng Baliditi ng Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Panitikan Gamit ang *Interactive PowerPoint Presentation* Batay sa Abstraksiyon

Makikita sa ibaba ang Talahanayan 1 ng balidayon ng banghay-aralin na ginamit sa pagtuturo ng panitikan batay sa abstraksiyon.

Talahanayan 1. Baliditi ng Banghay-Aralin Batay sa Abstraksiyon	
Abstraksiyon	Mean Paglala Interpretasyon

<https://ijase.org>

		rawan	
Gumagamit ng mga estratehiyang <i>interactive PowerPoint Presentation</i> sa pagtuturo ng mga mag-aaral.	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Pinahihintulutan ng guro sa talakayan ang magkaibang pananaw sa loob ng klase.	5.00	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan
Makabuluhan ang pagbubuo ng mga konklusyon o pangkalahatang konsepto mula sa mga magkakaugnay-ugnay na mga ideya	4.00	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Ang proseso ng abstraksiyon ay nananatiling bukas sa mga nagkakaiba at hindi nagkakasundo- sundong perspektibo.	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Matalinong natutukoy ang ugnayan ng ibat ibang disiplina sa pag-unawa sa mga aralin.	5.00	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan
Kabuoan	4.53	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang baliditi ng banghay-aralin batay sa abstraksiyon, kung saan nakamit ang mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagasuri. Ang paggamit ng mga *interactive PowerPoint presentation* sa pagtuturo ay may *mean* na 4.33, na may deskripsiyong "Sumasang-ayon" at tumutugon sa 75-90% na kalidad ng pamantayan. Gayundin, ang pagbibigay ng daan ng guro sa iba't ibang pananaw ng mag-aaral at ang kakayahang matukoy ang ugnayan ng iba't ibang disiplina ay parehong nakatanggap ng pinakamataas na *mean* na 5.00, na may paglalarawang "Lubos na Sumasang-ayon," na nangangahulugan ng 91-100% na kalidad ng pamantayan. Samantala, ang pagbubuo ng makabuluhang konklusyon (4.00) at ang pagbubukas ng proseso ng abstraksiyon sa iba't ibang pananaw (4.33) ay parehong nasa antas ng "Sumasang-ayon." Sa pangkalahatan, may *mean* na 4.53 ang buong banghay-aralin, na may deskripsiyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapatunay sa mataas na kalidad nito.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang banghay-aralin ay mahusay na naisasakatuparan sa pamamagitan ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo, pagbibigay ng daan sa malayang pagpapalitan ng pananaw, at ang integrasyon ng iba't ibang disiplina. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ay nagpapakita na ang mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo ay epektibong nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin, lalo na sa proseso ng abstraksiyon.

Ayon kay Tomlinson (2020), ang isang mahusay na banghay-aralin ay dapat may malinaw na istruktura at may kakayahang isama ang iba't ibang pananaw upang hikayatin ang mas malalim na pag-unawa. Sinusuportahan din ito nina Hall at Smith (2021), na nagsasabing ang paggamit ng interaktibong teknolohiya sa pagtuturo ay nagpapalakas sa partisipasyon ng mga mag-aaral at nagpapadali sa pagbuo ng koneksiyon sa pagitan ng mga konsepto mula sa iba't ibang larangan.

Antas ng Baliditi ng Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Panitikan Gamit ang *Interactive PowerPoint Presentation* Batay sa Aplikasyon

Makikita naman sa ibaba ang Talahanayan 2 ng balidayon ng banghay-aralin na ginamit sa pagtuturo ng panitikan batay sa aplikasyon.

Talahanayan 2. Baliditi ng Banghay-Aralin Batay sa Aplikasyon

Aplikasyon	Mean	Paglala rawan	Interpretasyon
Naikokonek ang dati at bagong kaalaman sa mga kaugnay na sitwasyon at gawaing pampagkatuto.	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Binibigyan ng solusyon ng mga mag-aaral ang mga suliranin kaugnay ng mga aralin gamit ang estratehiyang <i>interactive PowerPoint Presentation</i> .	4.00	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Nililina ang mga praktikal na kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng solusyon na may mataas na kaalaman.	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Napangangatawanan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pagkatuto.	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Natutukoy ng mga mag-aaral ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga disiplina upang magamit sa mga suliranin sa totoong buhay	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Kabuonan	4.26	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan

Inilahad naman sa Talahanayan 2 ang baliditi ng banghay-aralin batay sa aplikasyon, kung saan nakuha ang *mean* na 4.26 na may deskripsiyong "Sumasang-ayon," na nagpapahiwatig ng 75-90% na kalidad ng pamantayan. Ang lahat ng aspekto ng aplikasyon, kabilang ang paggamit ng dati at

bagong kaalaman sa mga sitwasyon ng pagkatuto (4.33), paglutas ng suliranin gamit ang *interactive PowerPoint Presentation* (4.00), paglilinang ng kakayahang makabuo ng solusyon (4.33), pananagutan sa sariling pagkatuto (4.33), at pagtukoy sa ugnayan ng mga disiplina (4.33) ay may parehong antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na epektibo ang banghay-aralin sa pagsuporta sa aplikasyon ng natutuhang kaalaman sa mga tunay na sitwasyon.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang banghay-aralin ay nakapagbibigay ng makabuluhang pagkatuto sa aktuwal na mga sitwasyon. Bagaman epektibo ang estratehiyang *interactive PowerPoint Presentation* sa paglutas ng mga suliranin, ito ang may pinakamababang *mean* (4.00), na maaaring nangangahulugan na may puwang pa para sa pagpapahusay sa aspektong ito ng pagtuturo. Sa pangkalahatan, nagpapakita ang datos na ang aplikasyon ng kaalaman sa mga tunay na sitwasyon ay epektibong naisasakatuparan sa pamamagitan ng banghay-aralin.

Ayon kay Dewey (2020), ang pagkatuto ay nagiging makabuluhan kapag ito ay inilalapat sa mga tunay na konteksto na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na bumuo ng mas malalim na pag-unawa. Dagdag nina Bruner at Watson (2021), ang paggamit ng estratehiyang nagbibigay ng daan sa aktibong aplikasyon ng kaalaman, tulad ng *interactive PowerPoint*, ay nakatutulong sa pagpapatibay ng kasanayan sa paglutas ng suliranin at kritikal na pag-iisip.

Antas ng Baliditi ng Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Panitikan Gamit ang *Interactive PowerPoint Presentation* Batay sa Ebalwasyon

Makikita naman sa ibaba ang Talahanayan 3 ng balidayon ng banghay-aralin na ginamit sa pagtuturo ng panitikan batay sa ebalwasyon.

Talahanayan 3. Baliditi ng Banghay-Aralin Batay sa Ebalwasyon

Ebalwasyon	Mean	Paglala rawan	Interpretasyon
Ang gawaing pagganap ay natutugunan sa pamamagitan ng pagsasanib ng kaalaman sa iba't ibang desisplina	4.33	Sumasang-ayon	Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan
Nakikipagtulungan sa mga guro ng iba pang asignatura sa pagtatalaga ng mga gawaing pagganap.	4.67	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan
Sa mga ebalwasyon, napagsasanib ng mga mag-aaral ang dating kaalaman at karanasan upang masuportahan ang bagong kaalaman at karanasan.	4.67	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan
Ang mga pagtataya ay naglalayong gawaing malaya ang mga ma-aaral sa pagbabahagi ng kanilang mga natutuhan at mga ideya sa makabuluhang paraan	4.67	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan

<https://ijase.org>



Malinaw at mahusay ang pagkakabuo na rubriks sa ebalwasyon. 4.67 Lubos na Sumasang-ayon Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan

Kabuoan	4.60	Lubos na Sumasang-ayon	Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan
---------	------	------------------------	--

Ipinapakita naman sa Talahanayan 3 ang baliditi ng banghay-aralin batay sa ebalwasyon, kung saan nakamit ang kabuoang *mean* na 4.60, na may deskripsiyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nangangahulugang natugunan nito ang 91-100% na kalidad ng pamantayan. Ang pinakamataas na *mean* na 4.67 ay makikita sa apat na aspekto: pakikipagtulungan sa mga guro ng iba pang asignatura, pagsasanib ng dating kaalaman sa bagong kaalaman sa ebalwasyon, pagbibigay ng kalayaang maibahagi ng mag-aaral ang kanilang natutuhan sa makabuluhang paraan, at malinaw na rubriks sa pagtataya. Samantala, ang pagsasanib ng kaalaman sa iba't ibang disiplina sa gawaing pagganap ay may *mean* na 4.33, na nangangahulugang "Sumasang-ayon" at tumutugon sa 75-90% na kalidad ng pamantayan.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang ebalwasyon sa banghay-aralin ay mahusay na nakabatay sa integrasyon ng iba't ibang disiplina, pakikipagtulungan ng mga guro, at makabuluhang pagtataya. Ang mataas na pagsang-ayon sa kalinawan ng rubriks at sa pagbibigay ng kalayaan sa mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang natutuhan ay nagpapakita ng epektibong disenyo ng ebalwasyon. Gayunpaman, maaaring mapahusay pa ang pagsasanib ng kaalaman sa iba't ibang disiplina upang higit na mapakinabangan ng mga mag-aaral ang koneksiyon sa iba pang larangan ng pag-aaral.

Ayon kay Wiggins at McTighe (2020), ang mahusay na pagtataya ay dapat magbigay ng daan sa malayang pagpapahayag ng natutuhan at magkaroon ng malinaw na pamantayan upang masukat ang pag-unlad ng mag-aaral. Dagdag nina Andrade at Brookhart (2021), ang paggamit ng rubriks sa pagtataya ay isang mabisang estratehiya upang matiyak ang obhetibong ebalwasyon at maibigay ang kinakailangang gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Paunang Pagsusulit

Makikita sa ibaba ang Talahanayan 4 na nagpapakita ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa paunang pagsusulit.

Talahanayan 4. Antas Pag-unawa ng mga Mag-aaral batay sa Panimulang Pagsusulit (Pre-test).

Grupo	Mean	Deskriptibong Rating	Interpretasyon
Eksperimental	19.90	Hindi nakamit ang inaasahan	21% pababa na antas ng pagkatuto
Kontrolado	19.77	Hindi nakamit ang inaasahan	21% pababa na antas ng pagkatuto

Batay sa Talahanayan 4, makikita ang resulta ng panimulang pagsusulit ng pangkat eksperimental at kontrolado, kung saan kapwa hindi nila natugunan ang itinakdang lebel ng pag-unawa. Ang *mean score* ng pangkat eksperimental ay 19.90, habang 19.77 naman para sa pangkat kontrolado. Ang parehong pangkat ay may deskriptibong reyting na "Hindi nakamit ang inaasahan," na nangangahulugan na ang antas ng kanilang pagkatuto ay nasa 21% pababa.

Ipinahihiwatig ng datos na ang mga respondente mula sa parehong pangkat ay hindi umabot sa itinakdang pamantayan ng pagkatuto. Ang mababang resulta ay nagpapakita ng limitadong pag-unawa o kasanayan sa mga akdang pampanitikan. Ito ay maaaring dulot ng kakulangan sa estratehikong pagtuturo, hindi epektibong paraan ng pagkatuto, o kawalan ng mas malalim na paglahok ng kabataang mag-aaral sa proseso ng pag-aaral.

Ayon kay Delos Reyes (2021), ang mahinang pagganap sa pagsusulit ng parehong pangkat ay maaaring resulta ng kawalan ng kaalaman tungkol sa paksa. Maaaring ang kakulangan sa interes, hindi angkop na estratehiya ng pagtuturo, o limitadong pag-unawa mula sa tradisyunal na pamamaraan.

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Pangwakas na Pagsusulit

Makikita naman sa Talahanayan 5 sa ibaba ang lebel ng pag-unawa ng kabataang mag-aaral batay sa panimula (pre) at panghuling pasusulit (post-test).

Talahanayan 5. Lebel ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral batay sa Panghuling Pagsusulit (Post-Test)

Grupo	Mean	Deskriptibong Reyting	Interpretasyon
Eksperimental	38.77	Mas Mahusay	61-80% pataas na antas ng pagkatuto
Kontrolado	27.67	Katamtaman	21-40% pataas na antas ng pagkatuto

Batay sa Talahanayan 5, makikita ang lebel ng pag-unawa ng kabataang mag-aaral sa kanilang panghuling pagsusulit (post-test) para sa dalawang pangkat: ang eksperimental at ang kontrolado. Ang *mean score* ng pangkat eksperimental ay 38.77, na may deskriptibong reyting na "Mas Mahusay," na nangangahulugang nasa 61-80% ang kanilang antas ng pagkatuto. Samantala, ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 27.67 at tumanggap ng deskriptibong reyting na "Katamtaman," na nangangahulugang nasa 21-40% ang kanilang pag-unawa.

Ipinapakita ng resulta na ang kabataang mag-aaral kabilang sa pangkat eksperimental ay nagpakita ng malawak na pagkatuto matapos ang pagsusulit, samantalang ang pangkat kontrolado ay nakaranas din ng pag-unlad ngunit hindi kasinlaki katulad ng sa pangkat eksperimental. Ang paggamit ng *interactive PowerPoint* sa nasabing pangkat ay epektibo sa pagpapalawak ng pag-unawa ng bawat kabataang mag-aaral kumpara sa tradisyonal na pamamaraan ng pagpapaunawa ng aralin o panitikan.

Ayon kay Santos (2022), ang paggamit ng teknolohiyang biswal katulad ng *interactive PowerPoint* ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng kabataang mag-aaral sa aralin sa pamamagitan ng malinaw na presentasyon ng impormasyon, mataas na interaktibidad, at epektibong pagsasakonteksto ng konsepto. Ang ganitong estratehiya ay nagreresulta sa mataas na lebel ng pag-unawa kumpara sa tradisyonal na pamamaraan ng paghahatid o pagpapaunawa ng aralin.

Mean Gain Score ng mga Mag-aral sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit

Makikita sa Talahanayan 6 sa kasunod na pahina ang *mean gain score* sa panimula (pre) at panghuling (post) pagsusulit.

Talahanayan 6. Mean Gain Score sa Panimula (Pre) at Panghuling (Post) Pagsusulit

Grupo	Mean Gain	Interpretasyon
Eksperimental	18.87	Malaki ang itinaas sa iskor mula sa panimula (pre) at panghuling (post) pagsusulit
Kontrolado	13.83	Tumaas ng bahagya ang iskor mula sa panimula (pre) at panghuling (post) pagsusulit

Batay sa Talahanayan 6, makikita ang *mean gain score* ng dalawang pangkat mula sa kanilang panimula (pre) at panghuling (post) pagsusulit para sa parehong pangkat ng respondente. Ang pangkat eksperimental ay may *mean gain score* na 18.87, na may interpretasyong "*Malaki ang itinaas ng iskor mula sa panimula (pre) hanggang sa pangwakas na pagsusulit.*" Samantala, ang kontroladong pangkat ay nakapagtala ng *mean gain score* na 13.83, na may interpretasyong "*Bahagyang tumaas ang iskor mula sa paunang pagsusulit patungo sa pangwakas na pagsusulit.*"

Ipinapakita ng resulta na ang pangkat eksperimental ay nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang pag-unawa matapos ipinatupad ang interbensiyon o estratehiya sa pagpapaunawa ng panitikan. Bagama't may naitalang pag-unlad din sa pangkat kontrolado, mas mababa ito kumpara sa pangkat eksperimental. Ang datos ay nagpapahiwatig na naging epektibo ang ginamit na estratehiya sa pagtuturo sa pangkat eksperimental sa pagpapalawak ng pag-unawa ng kabataang mag-aaral.

Ayon kay Hattie (2021), ang bisa ng isang estratehiya sa pagtuturo ay maaaring masuri sa pamamagitan ng *mean gain score* kung saan mas malaki ang pag-angat sa pagsusulit na nangangailangan ng epektibong interbensiyon. Ipinapakita ng pag-aaral na ang makabagong estratehiya sa pagpapaunawa ng panitikan ay may malaking epekto sa akademikong pagganap ng kabataang mag-aaral lalo na kung ito ay nakatuon sa interaktibo at mapanuring pagkatuto.

Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Paunang Pagsusulit ng Kontrolado at Eksperimental na Grupo

Makikita naman sa ibaba ang pagkakaiba sa lebel ng pag-unawa sa panimulang (pre) pagsusulit ng pangkat kontrolado at eksperimental.

Talahanayan 7.		Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Paunang Pagsusulit ng Kontrolado at Eksperimental na Grupo					
Grupo	n	df	SD	Mean	t-cal	P-Value	Interpretasyon
Eksperimental	30		5.36	19.90			
		58			0.0859	0.4681	Hindi Makabuluhan
Kontrolado	30		6.32	19.77			

$\alpha = 0.05$ level of significance

Batay sa Talahanayan 7, makikita na walang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pag-unawa ng kabataang mag-aaral mula sa pangkat eksperimental at kontrolado sa panimulang pagsusulit (Pre-Test). Ang naitalang *t-cal* ay 0.0859, habang ang *P-value* ay 0.4681. Dahil ang *P-value* ay mas mataas kaysa sa 0.05 na itinakdang antas ng kahalagahan, ipinapakita nito na magkatulad ang lebel ng kaalaman ng dalawang pangkat bago ipinatupad ang interbensiyon sa pagpapaunawa ng panitikan.

Ipinapahiwatig ng resulta na ang parehong pangkat ay nagsimula sa mababang lebel ng pag-unawa bago ang implementasyon ng interbensiyon. Nangangahulugan ito na hindi *statistically significant* ang pagkakaiba sa kanilang kaalaman bago ang pagsasagawa ng mga pagbabago sa estratehiya ng pagpapaunawa ng aralin. Dahil dito, anomang pag-unlad na makikita sa pangwakas na pagsusulit ay maaaring maiugnay sa ipinatupad na interbensiyon sa pagtuturo.

Ayon kay Santos (2021), ang *P-value* ay mahalagang estadistikal na batayan sa pagtukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat. Kapag ito ay mataas sa 0.05, ipinapakita nito na ang pagkakaibang naitala ay maaaring dulot lamang ng pagkakataon at hindi ng anomang sistematikong epekto ng isang baryabol. Sa kontekstong ito, ang resulta ng dalawang pangkat ay may magkatulad na lebel ng pag-unawa bago ipinatupad ang interbensiyon.

Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Pangwakas na Pagsusulit ng Kontrolado at Eksperimental na Grupo.

Makikita naman sa ibaba ang pagkakaiba sa lebel ng pag-unawa sa panghuling pagsusulit (post-test) ng pangkat kontrolado at eksperimental.

Talahanayan 8. Pagkakaiba sa Lebel ng Pag-unawa sa Panghuling Pagsusulit (Post-Test) ng Pangkat Kontrolado at Eksperimental

Grupo	n	df	SD	Mean	t-cal	P-Value	Interpretasyon
-------	---	----	----	------	-------	---------	----------------

<https://ijase.org>

Eksperimental	30	4.04	38.77			
		58		8.4720	0.0001	Makabuluhan
Kontrolado	30	5.931	27.67			

$\alpha = 0.05$ level of significance

Batay sa Talahanayan 8, makikita ang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pag-unawa ng pangkat eksperimental at kontrolado batay sa kanilang mga iskor sa panghuling pagsusulit (post-test). Ang pangkat eksperimental ay nakakuha ng mataas na *mean score* na 38.77 kumpara sa pangkat kontrolado na may *mean score* na 27.67. Bukod dito, ang pangkat eksperimental ay may mababang *standard deviation* (SD = 4.04) kaysa sa pangkat kontrolado (SD = 5.931). Ang resulta ng t-test na may *t-cal* na 8.4720 at *p-value* na 0.0001 ay nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat.

Ipinapakita ng datos na ang ipinatupad na interbensiyon ay may positibong epekto sa pagtaas ng iskor ng pangkat eksperimental sa panghuling pagsusulit. Ang mataas na *mean score* at mababang *standard deviation* sa pangkat eksperimental ay nagpapakita nang maayos at pantay na lebel ng pag-unawa kumpara sa pangkat kontrolado. Ang makabuluhang pagkakaiba sa *p-value* ay nagpapahiwatig na hindi ito bunga ng pagkakataon kundi ng epektibong paggamit ng interbensiyon sa pagpapaunawa ng mga araling pampanitikan.

Ayon kay Chan (2021), ang interaktibong aspekto ng *PowerPoint presentations* ay may positibong epekto sa partisipasyon at pang-unawa ng kabataang mag-aaral. Ang paggamit ng biswal at interaktibong materyal ay nakatutulong sa mahusay na pagproseso ng impormasyon at pagpapalalim ng pag-unawa. Sa ganitong konteksto, ang paggamit ng teknolohiyang panturo ay isang epektibong pamamaraan.

Makabuluhang Pagkakaiba ng *Mean Gain Score* sa Pangkat Kontrolado at Eksperimental

Makikita sa ibaba ang makabuluhang pagkakaiba ng *mean gain score* ng pangkat kontrolado at eksperimental.

Talahanayan 9. Makabuluhang Pagkakaiba ng *Mean Gain Score* ng Pangkat Kontrolado at Eksperimental

Grupo	n	df	SD	Mean	t-cal	P-Value	Interpretasyon
Eksperimental	30		3.748	18.87			
		58			4.2302	0.0001	Makabuluhan
Kontrolado	30		5.342	13.83			

$\alpha = 0.05$ level of significance

Batay sa Talahanayan 9, makikita ang malinaw na pagkakaiba sa *Mean Gain Score* ng pangkat eksperimental at kontrolado. Ang pangkat eksperimental ay may *mean score* na 18.87 at *standard deviation* na 3.748, samantalang ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 13.83 at *standard deviation* na 5.342. Ang *t-test result* ay nagpakita ng *t-calculated value* na 4.2302 at *p-value* na 0.0001 na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat. Dahil ang *p-value* ay mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, nangangahulugang ito ay may *statistical significance*.

Ipinapakita ng datos na ang ipinatupad na interbensiyon sa pangkat eksperimental ay nagdulot ng mataas na pagtamo sa kanilang iskor kumpara sa pangkat kontrolado. Ang mataas na *mean gain score* ng pangkat eksperimental ay nagpapahiwatig na ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo ay naging epektibo sa pagpapahusay ng kanilang pag-unawa. Ang malaking pagkakaiba sa *p-value* ay nagpapatunay na ang resulta ay hindi lamang bunga ng pagkakataon, kundi isang indikasyon ng epekto ng ginamit na interbensiyon.

Ayon kay Shadish et al. (2020), ang mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa akademikong pag-unlad sapagkat pinapalakas nito ang interaktibong pag-unawa at nagbibigay ng mataas na antas ng partisipasyon ng kabataang mag-aaral. Ipinapakita ng kasalukuyang datos na ang paggamit ng epektibong estratehiya sa pangkat eksperimental ay nagresulta sa mataas na pag-unawa at sumusuporta sa pananaw na ang makabago at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo ay maaaring humantong sa mataas na akademikong pagganap.

Diskusyon

Ipinakita ng resulta ng balidasyon na ang banghay-aralin ay may mataas na bisa sa pagtuturo at pagkatuto. Sa abstraksiyon, nakakuha ito ng *mean* na **4.53**, na nagpapakita ng malinaw na estruktura at epektibong estratehiya. Sa aplikasyon, may *mean* na **4.26**, na nangangahulugang mahusay itong nagagamit sa pagsasanib ng kaalaman at paglutas ng suliranin. Sa ebalwasyon, nakamit nito ang **4.60**, na nagpapatunay ng malinaw na pagtataya at epektibong rubriks. Sa kabuoan, balido ang banghay-aralin bilang gabay ng guro sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay naman sa resulta ng panimulang pagsusulit (pre-test), parehong hindi natugunan ng pangkat eksperimental at kontrolado ang itinakdang pamantayan ng pag-unawa, na may *mean score* na 19.90 at 19.77. Ang dalawang pangkat ay may deskriptibong reyting na "Hindi nakamit ang inaasahan," na nagpapahiwatig ng mababang lebel ng pag-unawa sa panitikan. Gayunpaman, sa panghuling pagsusulit, lumitaw ang malinaw na pagtaas sa pagkatuto kung saan ang pangkat eksperimental ay nakakuha ng *mean score* na 38.77 na may reyting na "Mas Mahusay," samantalang ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 27.67 na may reyting na "Katamtaman." Ipinapakita ng datos na ang pangkat eksperimental ay nagpakita ng mataas na lebel ng pag-unawa matapos ang interbensiyon.

Sa pagsusuri ng *mean gain score*, natuklasan na ang pangkat eksperimental ay may mataas na pagangat sa iskor (18.87) kumpara sa pangkat kontrolado (13.83). Ang resulta ay nagpapakita na ang ginamit na estratehiya sa pangkat eksperimental ay epektibo sa pagkatuto. Samantala, ipinakita ng pagsusuri sa panimulang pagsusulit (pre-test) na walang makabuluhang pagkakaiba sa kaalaman ng dalawang pangkat bago ipatupad ang interbensiyon batay sa *t-cal* na 0.0859 at *P-value* na 0.4681.

Sa panghuling pagsusulit (post-test), lumitaw ang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng pag-unawa kung saan mataas ang *mean score* ng pangkat eksperimental (38.77) kaysa sa kontroladong pangkat (27.67). Ang *t-test result* na may *t-cal* na 8.4720 at *p-value* na 0.0001 ay nagpapakita ng mahalagang pagtaas sa pag-unawa bawat kabataang mag-aaral.

Samantala, ang pagsusuri sa *mean gain score* ay nagpakita rin ng makabuluhang pagkakaiba kung saan ang pangkat eksperimental ay may *mean gain* na 18.87 at *standard deviation* na 3.748, habang ang pangkat kontrolado ay may *mean gain* na 13.83 at *standard deviation* na 5.342. Ang *t-calculated value* na 4.2302 at *p-value* na 0.0001 ay nagpapakita na ang ginamit na estratehiya ay epektibo sa pagkatuto ng pangkat eksperimental.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na ang paggamit ng interaktibong estratehiya partikular ang *interactive PowerPoint* ay epektibong nakatulong sa pag-unawa ng kabataan. Ang mataas na *mean gain score* at positibong pagsusuri ng panghuling pagsusulit (post-test) ay nagpapakita na ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay may malaking ambag sa epektibong pag-unawa ng kabataang mag-aaral.

Konklusyon

Ang mataas na marka na natamo ng ginamit na banghay-aralin sa paggamit ng *interactive PowerPoint presentations* sa pagtuturo ng panitikan ay nagpapakita ng kahusayan sa paggamit ng teknolohiya upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo. Dapat palawakin at hikayatin ang paggamit ng ganitong estratehiya sa iba pang asignatura upang mapataas ang antas ng partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa paunang pagsusulit, parehong hindi nakamit ng eksperimental at kontroladong pangkat ang inaasahang lebel ng pag-unawa na nangangahulugan ng magkatulad na antas ng kaalaman bago ang interbensiyon. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagbibigay ng sapat na paghahanda at maagang interbensiyon upang mapahusay ang pundasyon ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Sa panghuling pagsusulit, lumitaw na mas mataas ang pag-unawa ng pangkat eksperimental kaysa sa pangkat kontrolado na nagpatutunay sa bisa ng paggamit ng interbensiyon. Kailangang ipagpatuloy at palakasin ang paggamit ng ganitong pamamaraan sa iba pang mga paksa upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Batay sa *mean gain scores*, mas mataas ang itinaas ng pangkat eksperimental kumpara sa pangkat kontrolado, na nagpapakita ng positibong epekto ng ginamit na interbensiyon. Mainam na ipatupad ang patuloy na pagsasanay sa mga guro sa paggamit ng ganitong estratehiya upang mapanatili ang pagkatuto ng kabataan.

Ang makabuluhang pagkakaiba sa *mean gain scores* ng dalawang pangkat sa 0.05 level of significance ay nagpapakita ng kahalagahan ng teknolohikal na interbensiyon sa pagtuturo. Gawing bahagi ITng kurikulum at suportahan ng mga pagsasanay upang matiyak ang patuloy na epektibong paggamit nito sa edukasyon.

Mga Sanggunian

- Andrade, H., & Brookhart, S. (2021). *Rubrics for formative assessment and grading*. Harvard Education Press.
- Bruner, J., & Watson, R. (2021). *Constructivist approaches in education: Theory and practice*. Cambridge University Press.
- Chan, A. (2021). *Interactive aspects of PowerPoint presentations and their impact on student engagement and comprehension*. Academic Press.
- Cook, T. D., & Campbell, D. T. (2019). *Quasi-experimentation: Design & analysis issues for field settings* (2nd ed.). Houghton Mifflin Harcourt.
- Cruz, M. (2020). Challenges in using technology in literature teaching. *Journal of Educational Technology*, 15(2), 45-58.
- Cruz, M. (2020). Challenges in using technology in literature teaching. *Journal of Educational Technology*, 15(2), 45-58.
- Deci, E. L., and Ryan, R. M. (1985). *Intrinsic motivation and self-determination in human behavior*. Springer Science & Business Media.
- Dewey, J. (2020). *Experience and education*. Macmillan.
- Garcia, P., Santos, R., & Cruz, A. (2020). Interactive powerPoint as a teaching tool in Filipino language and literature. *Asian Journal of Language and Literature*, 9(3), 78-94.
- Garcia, P., Santos, R., & Cruz, A. (2020). Interactive powerPoint as a teaching tool in Filipino language and literature. *Asian Journal of Language and Literature*, 9(3), 78-94.
- Hattie, J. (2021). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. Routledge.
- Johnson, R., & Anderson, T. (2019). *Interactive presentations and literary analysis: Enhancing critical thinking in the classroom*. Oxford University Press.
- Lopez, F., & Dela Cruz, J. (2021). Over-reliance on visuals: A drawback of PowerPoint in literature classes. *Journal of Language and Literary Studies*, 18(1), 34-50.
- Mayer, R. E. (2001). *Multimedia learning*. Cambridge University Press.
- Mendoza, H. (2022). Modern teaching methods and regional literature: A case study in Mindanao. *Mindanao Journal of Humanities*, 5(2), 67-89.
- Mendoza, H. (2022). Modern teaching methods and regional literature: A case study in Mindanao. *Mindanao Journal of Humanities*, 5(2), 67-89.
- Paivio, A. (1971). *Imagery and verbal processes*. Holt, Rinehart, and Winston.



- Reyes, V., Santos, M., and Ortega, J. (2021). A comparative study of interactive teaching methods in science and literature classes. *Southeast Asian Journal of Education*, 13(3), 120-140.
- Salazar, R. (2019). PowerPoint as a tool in public school teaching: Benefits and limitations. *Journal of Philippine Educational Innovations*, 10(2), 56-72.
- Santos, L. (2021). Symbolism and metaphor in literature: Teaching strategies using interactive presentations. *Journal of Philippine Literature*, 14(2), 77-93.
- Santos, L. (2021). Symbolism and metaphor in literature: Teaching strategies using interactive presentations. *Journal of Philippine Literature*, 14(2), 77-93.
- Shadish, W. R., Cook, T. D., & Campbell, D. T. (2020). *Experimental and quasi-experimental designs for generalized causal inference* (2nd ed.). Houghton Mifflin Harcourt.
- Sukarno, B., Wahyudi, H., & Abdullah, R. (2021). Interactive powerpoint and its effect on student engagement: A global perspective. *International Review of Educational Technology*, 19(4), 190-205.
- Sweller, J. (1988). Cognitive load during problem solving: Effects on learning. *Cognitive Science*, 12(2), 257-285.
- Tomlinson, C. A. (2020). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners* (2nd ed.). ASCD.
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
- Wiggins, G., & McTighe, J. (2020). *Understanding by design* (2nd ed.). ASCD.